

Lupa at Hustisya, Ipaglaban! Labanan at Patalasikin ang kontra-magsasaka at kontra-mamamayang rehimeng US-Aquino!

Naghihirap, pinagsasamantalahan at lalong inaapi ang mga magsasaka ng Gitnang Luzon sa ilalim ng pamumuno ng panginoong maylupang Noy noy Aquino. Panaginip pa rin ang Tunay na Reporma sa Lupa, gayundin ang hustisya para sa mga biktima ng Mendiola Masaker, Hacienda Luisita Masaker, Lupao Masaker at iba pang porma ng paglabag sa karapatang pantao ng masang magsasaka at mamamayan. Ang mga magsasakang nakikibaka para sa kanilang karapatan sa lupa ay target ng pasistang atake ng militar, pulis at mga goons ng gubyrno at mga panginoong maylupa. Ang Comprehensive Agrarian Reform Program Extension with "Reforms" (CARPer) ay nagsilbing instrumento lamang para sa mga malalaking panginoong maylupa na panatilihin ang kanilang kontrol sa malalawak na sakahan, gayundin para patalasikin ang mga magsasaka sa lupa.

Noong Enero 22, 1987, 27 taong nakalipas, wala paring hustisyang nakamit ang labintatlong magsasakang walang awang pinatay sa Mendiola sa ilalim ng dating pangulong Cory

Aquino. Ang libu-libong magsasakang nanawagan ng Tunay na Reporma sa Lupa ay walang ibang natanggap kundi ang mga balang pumatay at sumugat sa kanila mula sa mga berdugong militar at pulis ng gubyrno. Sa kabila ng karahasang ito, hindi pa rin nakamit ng mga biktima ang hustisya, malala, nagpatuloy ang pang-aapi at pagsasamantala sa mga masang magsasaka.

Ilang linggo mula sa madugong masaker sa Mendiola, labingpitong magsasaka naman ang pinatay sa bayan ng Lupao sa Nueva Ecija na tanyag na kilalang Lupao Masaker noong Pebrero 10, 1987. Ang mga magsasaka ay walang awang pinagbabaril ng mga sundalo na hindi kaiba sa isang firing squad.

Ang mga masaker na ito ay naganap sa ilalim ng panguluhan ni Cory Aquino na umastang demokratiko at maka-mamamayan noong People Power ng 1986. Gayunpaman, dahil isa itong panginoong maylupa at ang kanyang pamilya ay kumontrol sa malawak na lupa ng Hacienda Luisita, hindi ito nagpatupad ng tunay na

Sa rehiyon, nananatiling hindi ipinamamahagi ang lupa sa maraming lugar at pinapalayas ang mga magsasakang namumuhay rito:

Isyu	Lugar	Lawak
Pangangamkam ng lupa ng pamilyang Cojuangco-Aquino, land use conversion at pagpapalayas sa mga manggagawang bukid	Hacienda Luisita sa Tarlak	4,915-ekt. na dating 6,453-ekt. noong 1988
Proyektong Aurora Pacific Economic Zone and Freeport (Apeco) at Food Basket	Casiguran at mga katabi nito, Aurora / bayan ng Maria Aurora	13,000-ekt. at 312-ekt.
Pangangamkam ng lupa ng Ayala Land, LLL at FL at pagpapalayas sa mga magsasaka	Hacienda Dolores sa Porac Pampanga	2,000-ekt.
Planong Clark Green City at Clark Highlands	Camp O' Donnell military reservation sa Capas, Tarlak at Sacobia Valley, Mabalacat, Pampanga	36,000-ekt. (CGC) at 11,000-ekt. (CHL)
Pangangamkam ng lupa ng pamilyang Cojuangco-Aquino (CAT Realty) at pagpapalayas sa mga magsasaka	Camp Gregg military reservation, Bayambang, Pangasinan	400-ekt.
Pangangamakam ng lupa ng kumpanyang St. Tropez, atbp. at pagpapalayas sa mga magsasaka / proyektong Tarlac-Pangasinan-La Union Expressway (TPLEx)	interchange ng Subic-Clark-Tarlac Expressway (SCTEx) at TPLEx sa Tarlac city	150-ekt. at halos 1,000-ekt. sa paligid ng interchange
Pangangamakam ng lupa at pagpapalayas sa mga magsasaka / Pangangamakam ng lupa ng militar at pagpapalayas sa mga magsasaka	Brgy. Manggang Marikit, Bagong Barrio, Yuson (Mambayu) sa bayan ng Guimba, Nueva Ecija / mga hasyenda sa probinsya / Fort Magsaysay military reservation sa bayan ng Laur, Nueva Ecija	150-ekt. , libu-libong ektarya / 3,100-ekt.
Pagpapalayas, pagmimina	bayan ng Sta. Cruz atbp. sa Zambales	mahigit 1,000-ekt.
Pangangamakam ng lupa ng dating Camarines Sur Rep. Luis Villafuerte, proyektong eko-turismo at pagpapalayas sa mga magsasaka / Proyektong housing at food terminal / Proyektong halaw sa Shenzen economic zone sa bansang Tsina / Proyektong MRT 7	bayan ng San Miguel, Bulakan / bayan ng Bocaue, Balagtas, Pandi / Bulakan / bayan ng San Jose Del Monte	300-ekt. / daan-daang ektarya / malawak / 200-ekt.
Proyektong eko-turismo ni Gob. Lilia Pineda na umagaw sa lupang katutubo ng mga Ayta	brgy. Nabuklod atbp. sa bayan ng Floridablanca, Pampanga	mahigit 1,000-ekt.
Planong pagmimina, pangangamkam ng lupa at pagpapalayas sa mga katutubong Ayta	brgy. Camias, sa bayan ng Porac, Pampanga	malawak
Pangangamakam ng lupa, land use conversion at pagpapalayas sa mga katutubong Ayta / Mga proyektong eco-zone	Olongapo, Subic sa Zambales / iba't ibang lugar sa Bataan	malawak

reporma sa lupa, bagkus, isinabatas ang pekeng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) noong Hunyo 10, 1988. Sa pagpapatupad nito, hindi libreng ipinamahagi sa magsasaka ang lupang matagal na niyang sinaka, inobluga siyang magbayad ng amortisasyon at tadtad ng probisyong pabor sa panginoong maylupa o kaya'y magkakansela ng kanyang certificate of land ownership award (cloa), certificate of land transfer (clt) o emancipation patent (ep) na magpapatalsik sa magsasaka sa lupa. Samakatuwid, sa loob ng 25 taong pagpapatupad ng CARP at CARPer, nanatiling walang lupa at magsasaka at baon sa kahirapan at kagutuman, samantalang ang mga mayayamang panginoong maylupa ay namumuhay sa luho at karangyaan.

Sa ilalim ni Noynoy Aquino, na anak ni Cory Aquino mula sa pamilyang Cojuangco-Aquino, nanatiling mahihirap at api ang mga manggagawang bukid ng Hacienda Luisita. Sa halip na ipamahagi ni Cory Aquino ang hasyenda, stock distribution option (sdo) ang ipinatupad nito at ng kanyang pamilya na naglubog sa mga manggagawang bukid sa kalunus-lunos na kahirapan. Tulak ng hirap at kagutuman, nag-welga ang mga manggagawang bukid noong Nobyembre 16, 2004 at ang sagot ng pamilyang Cojuangco-Aquino ay masaker. Pitong manggagawang bukid ang pinatay ng mga berdugong militar na walang ibang hiling kundi ang pagbasura ng sdo at pamamahagi ng lupang matagal nilang sinaka at ng kanilang mga ninuno. Siyam na taon ang nakalipas, wala paring hustisyang nakakamit ang mga biktima at malala, kinakamkam ng pamilyang Cojuangco-Aquino ang lupang dapat na ipamahagi sa kanila.

Sa napakaraming masaker na ipinatupad sa ilalim ni Cory Aquino at sa bakuran ng pamilyang Cojuangco-Aquino, walang kaduda-dudang uhaw sa dugo ng masang magsasaka ang pamilyang ito. Si Cory at Noynoy Aquino ay pawang kontra-magsasaka at kontra-mamamayan, tagapagtanggol ng mayayamang hasyendero, malalaking lokal na negosyante at dayuhang mamuhunan.

Sa Hacienda Dolores sa bayan ng Porac, Pampanga, inaagaw ang 2,000-ekt. lupa sa mga magsasakang ang ninuno nila ay namuhay rito mula pa kolonyalismong Kastila. Inaagaw ng Leonardo Lachenal Leonio Holdings, Inc (LHI) at FL Property Management Corporation (FL PMC), na pawang mga tutang kumpanya ng Ayala Land ang 700-ekt. na sakahan ng mga magsasaka. Dahil ito ay mahigpit na nilabanan ng mga magsasaka, naglagak ng daan-daang security guards at goons ang mga kumpanyang ito. Sa layong anihin ng mga magsasaka ang kanilang mga tanim dahil nawalan na sila ng kabuhayan, nitong Enero 12 sila ay pinagbabaril ng mga security guards at pinatay si Arman Padiño, habang kritikal si Noel Tumali sa ospital. Ang Ayala Land na kilala bilang marahas na mangangamkam ng lupa ay may planong gawing katulad ng Nuvali estate (sa Laguna) ang Hacienda Dolores at pagkakitaan ang lupang matagal nang sinaka ng mga magsasaka.

Bumabaha ang datos ng suliraning agraryo sa rehiyon at pagpapalayas sa mga magsasaka. Sa kabila nito, ang rehimeng US-Aquino ay nananatili sa pagpapatupad ng mga kontra-magsasakang programa. Patuloy na pinalalala ni Aquino ang kalagayan ng mga magsasaka at mamamayan sa rehiyon sa pagsusulong ng programang Public-Private Partnership (PPP), pagmimina, Oplan Bayanihan at iba pa. Ang mga programang ito ay pawang para sa interes ng imperyalismong US, mga malalaking lokal at dayuhang mamuhunan at panginoong maylupa. Danas ng masang magsasaka, gayundin ng iba't ibang sektor ng mamamayan ang kapahamakang dulot ng mga programa't patakaran ni Aquino, kung kaya, marapat lamang na magkaisa ang mamamayan at sama-samang kumilos bilang pagtatanggol ng mga batayang karapatan sa lupa at kabuhayan.

Para sa pagtatanggol ng karapatan sa lupa at kabuhayan, pagsusulong ng Tunay na Reporma sa Lupa at Hustisya, nanawagan ang kilusang magbubukid ng Gitnang Luzon, sa malawak na masang magsasaka na maninindigan at ipaglaban ang karapatan, gayundin ang iba pang inaaping sektor, mga manggagawa, urban poor, kabataan, kababaihan, maliliit na negosyante, taong simbahan, empleyado at mga propesyunal, na makiisa at sumama sa pakikibaka para sa mga pundamental na pagbabago sa rehiyon at bansa.

Makiisa, sumama at suportahan ang pakikibakang magsasaka sa rehiyon. Sama-samang kumilos para sa Lupa at Hustisya!

Katarungan sa mga Biktima ng Mendiola Masaker, Hacienda Luisita Masaker, Lupao Masaker, pagpatay sa Hacienda Dolores at iba pang paglabag sa Karapatang Pantao!

CARPER, Ibasura! House Bill 252 - GARB Isabatas!

PPP at W-Growth Corridor sa Gitnang Luzon, Labanan, Ibasura!

Oplan Bayanihan, Labanan!

Hacienda Luisita, Ipamahagi sa mga Magsasaka, Ngayon Na!

Ipaglaban ang Tunay na Reporma sa Lupa!

Labanan at Patalasikin ang kontra-magsasaka at

kontra-mamamayang rehimeng US-Aquino!



**Alyansa ng mga Magbubukid sa Gitnang Luzon
Anakpawis Party-list – Central Luzon**